

IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

Mga kundisyon ng pagmamamanupaktura sa ASEAN, humina nang mas mabagal noong Hunyo

Mga pangunahing nalaman

Tumaas ang Headline PMI sa pinakamataas sa loob ng apat na buwan, ngunit nananatili pa rin ito sa contraction

Mas mahina, ngunit kapansin-pansin pa rin, ang mga pagbagsak sa output at mga bagong order.

Nagpapatuloy ang pagbabawas ng trabaho

Kinolekta ang data noong Hunyo 12-24, 2020.

Patuloy na humina ang mga kundisyon ng pagmamamanupaktura sa ASEAN noong Hunyo, bagama't bumagal ang rate ng pagbagsak mula noong Mayo, ayon sa pinakabagong data ng Purchasing Managers' Index (PMI™) ng IHS Markit. Bumagsak pa ang produksyon sa pabrika at mga bagong order, kung saan nananatiling kapansin-pansin ang mga rate ng pagbagsak sa kabila ng kapansin-pansing pagbagal mula noong nakaraang buwan. Kaugnay ng mahihinang kundisyon ng demand, patuloy na binawasan ng mga kumpanya ang bilang ng mga empleyado ng mga ito noong Hunyo, kung saan malubha ang rate ng pagbabawas ng trabaho sa pangkalahatan.

Naitala ng headline PMI ang malaking pagtaas sa isang buwan na 8.2 puntos, kung saan tumaas ito sa 43.7 noong Hunyo mula 35.5 noong Mayo. Ipinahiwatig ng figure na kapansin-pansing bumagal ang kasalukuyang pagbagsak sa katapusan ng ikalawang quarter. Gayunpaman, tiyak na nanatiling nasa contraction ang index, at nagsenyales ito ng ikaapat na magkakasunod na buwanang pagbagsak sa kalagayan ng pagmamamanupaktura sa ASEAN. Ang mga mas mabagal na pagbabawas sa output at mga bagong order ay nakatulong na iangat ang headline figure, ngunit nanatiling mas malubha ang mga pagbagsak kaysa sa mga tala ng mga ito bago lumaganap ang coronavirus. Dahil nananatiling mahina ang demand, patuloy na marami ang ibinabawas ng mga kumpanya sa bilang ng mga empleyado ng mga ito.


Sa antas ng bansa, nakakita ang dalawa sa pitong kasaping bansa ng pagbuti sa mga kundisyon ng operasyon noong Hunyo. Naitala ng Vietnam ang pinakamatinding pagtaas, ngunit ipinahiwatig lang ng headline figure (51.1) ang bahagyang pagbuti sa mga kundisyon ng pagmamamanupaktura. Katulad nito, iniulat ng mga nagmamamanupaktura sa Malaysia ang kauna-unahang pagbuti sa kalagayan ng sektor mula noong Setyembre 2018. Ang headline na index na nasa 51.0 noong Hunyo ay indikasyon lang din ng bahagyang pagtaas.

Sa Pilipinas naman, nakapagtala ng ikaapat na magkasunod na buwanang pagbagsak sa mga kundisyon ng pagmamamanupaktura noong Hunyo. Gayunpaman, ang headline na index (49.7) ay indikasyon lang ng bahagyang contraction. Nakakita rin ang Myanmar ng paghina ng mga kundisyon, kung saan mas mababa ang headline figure (48.7) sa neutral na 50.0 puntos sa ikalimang magkasunod na buwan. Kaugnay nito, ang pagbagsak ang pinakamabagal mula noong Pebrero at katamtaman lang ito.

ipinagpatuloy...

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

"Nagpatuloy ang pagbagsak sa sektor ng pagmamamanupaktura sa ASEAN sa ikaapat na magkakasunod na buwan noong Hunyo. Ang paghina sa mga kundisyon ng operasyon ang pinakamabagal mula nang magsimula ang paghina, gayunpaman, mas mabagal ang pagbagsak ng mga volume ng output at order book dahil muling nagbukas ang mas malalaking bahagi ng sektor at muling nagsimula ang mga linya ng produksyon.

"Gayunpaman, nanatiling kapansin-pansing mahina ang mga kundisyon ng demand, at dahil dito, muling nagbawas ang mga kumpanya ng bilang ng mga empleyado. Bahagyang bumagal ang rate ng pagbabawas ng trabaho, ngunit nanatili itong malubha.

"Sa kabutihang-palad, gumanda ang pananaw para sa susunod na 12 buwan para sa output, kung saan pinakamalaki ang kumpiyansa mula noong Pebrero. Ngunit malayo pa ang lalakbayin ng sektor para makabawi sa pandemya ng COVID-19. Bagama't bumagal ang mga rate ng contraction sa output at mga bagong order mula sa mga hindi karaniwang pagbagsak noong Abril at Mayo dahil lumuwag na sa pangkalahatan ang mga paghihigpit na nauugnay sa virus, patuloy pa ring hinaharap ng mga producer ng mga produkto sa ASEAN ang mahihinang kundisyon ng demand sa loob at labas ng bansa. Hangga't walang makabuluhang pagbawi sa demand ng customer, malamang na hindi makakita ang sektor ng anumang kapansin-pansing pagbuti sa mga kundisyon sa mga susunod na buwan."

Kasabay nito, nagpatuloy ang pagbagsak sa sektor ng pagmamanupaktura ng Thailand, kung saan nagsesenyales ang headline figure (43.5) ng kapansin-pansing pagbagsak sa kabila ng paglago mula noong Mayo. Katulad nito, naitala ng Indonesia ang higit pang contraction, bagama't malaki ang ibinagal ng rate ng pagbasak mula sa nakaraang panahon ng survey, kung saan lumago ang headline na index sa 39.1.

Panghuli, humina rin ang mga operasyon ng kundisyon sa Singapore, kung saan pinakakapansin-pansin ang pagbagsak nito sa lahat ng bawat sinusubaybayang bansa. Nagsenyales ang headline figure (38.8) ng matinding contraction, sa kabila ng kapansin-pansing 12.4 na puntos na pagtaas mula noong Mayo.

Sa pangkalahatan, kapansin-pansing patuloy na humina ang mga kundisyon ng operasyon sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN noong Hunyo. Iniangat ng mas mahihinang pagbabawas sa produksyon sa pabrika at mga bagong order ang headline figure, ngunit kapansin-pansin pa ring mas mababa ang PMI sa pinakamababang naitala na 47.6 noong Nobyembre 2015 bago lumaganap ang coronavirus. Sa gitna ng mababang demand ng kliyente, muling nagbawas ang mga kumpanya ng bilang ng mga empleyado ng mga ito noong Hunyo. Ang rate ng pagbabawas ng trabaho ang ikatlong pinakamalubhang naitala, sa kabila ng pagbagal mula noong Mayo.

Kasabay nito, patuloy na binawasan ng mga producer ng mga produkto sa ASEAN ang pagbili, kung saan kapansin-pansin ang pagbagsak ng aktibidad ng pagbili. Bumagsak din ang mga imbentaryo ng mga item bago at pagkatapos ng produksyon. Nagpatuloy ang mga abala sa mga daloy ng supply, bagama't pinakamaikli ang oras ng paghaba ng mga lead time simula noong Pebrero.


Samantala, tumaas ang mga average na pasaning gastos sa ikatlong magkasunod na buwan, kung saan pinakamababa ang rate ng inflation mula noong Nobyembre 2018. Binigyang-diin ng pinakabagong data ang panibagong pagbaba sa mga average na singil, bagama't bahagya lang ang bilis ng pagbabawas.

Lalo pang gumanda ang pananaw para sa susunod na 12 buwan para sa output noong Hunyo, kung saan lumaki ang kumpiyansa sa pinakamataas sa loob ng apat na buwan. Sa kabila nito, nanatiling mababa ang kumpiyansa sa konteksto ng dating data.

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Makipag-ugnayan

Lewis Cooper
Economist
IHS Markit
Telepono: +44 1491 461 019
lewis.cooper@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
Telepono: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
Telepono: +1 781 301 9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Ang data ng Hunyo 2020 ay nakolekta noong 12-24 Hunyo 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakabo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa katherine.smith@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahang nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ang natatanging mga indikator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa ihsmarkit.com/products/pmi.html.